



Framework ng Kakayahan ng mga Manggagawa ng NDIS: Gabay sa Pagsasanay para sa Kakayahan

Filipino

Ang Framework ng Kakayahan ng mga Manggagawa ng NDIS (ang Framework) ay naglalarawan ng mga saloobin, kasanayan at kaalaman na dapat asahan mula sa lahat ng mga manggagawa na pinondohan sa ilalim ng NDIS. Nagbibigay ito ng malinaw, praktikal na mga halimbawa at nagtatatag ng magkakatatulad na kahulugan ng 'ano ang anyo ng mabuti' para sa mga kalahok na tumatanggap ng mga suporta at serbisyo ng NDIS. Ang mga mapagkukunang ito ay sumusuporta sa Framework.

Ang Gabay sa Pagsasanay para sa Kakayahan ay dinisenyo upang suportahan ang mga provider upang matupad ang kanilang responsibilidad na "magbigay ng mga suporta at serbisyo sa ligtas at mahusay na paraan na may pag-iingat at kasanayan" ([Koda ng Pag-aasal ng NDIS](#)). Ipinapaliwanag nito kung paano tutukuyin ang mga pangangailangan sa pag-aaral, pagkatapos ay pipili ng pagsasanay upang magkaroon at mapanatili ang mga kakayahan ng mga manggagawa upang makamit ang mga layunin ng pamamahala at pagpapalano ng mga manggagawa. Higit sa lahat, ang patnubay ay nakatuon kung paano ang pagpili ng panlabas na pagsasanay. Gayunpaman, ang kaparehong mga prinsipyo ay magagamit sa pagpili ng mga pamamaraan sa panloob na pagsasanay.

Ang pagkakaroon ng masuportang kapaligiran sa pagsasanay at pagbibigay ng angkop na pagsasanay ay hahantong rin sa pagkakaroon ng kumpiyansa ng manggagawa, kasiyahan sa trabaho, pagpapanatili at pagbuo ng kakayahan upang matiyak ang kalidad ng suporta.

Ang dapat asahan

Ang Gabay sa Pagsasanay para sa Kakayahan ay dinisenyo upang tulungan ang mga organisasyon at manggagawa na matukoy ang mga kakulangan sa pagsasanay at iakma ang pag-unlad batay sa mga kakayahan na inilarawan sa Framework. Ang gabay ay:

- Sumusuporta sa pagtukoy sa mga pangangailangan sa pag-aaral at pag-unlad at pag-unawa ng may-istrukturang opsyon sa pagsasanay.
- Nagbibigay ng mga praktikal na sitwasyon at halimbawa kung paano gagamitin ang gabay sa iyong pagpapalano at pagsasanay.
- Nagbibigay ng mga tip upang suriin ang pagiging epektibo ng pagsasanay.
- **Kapaki-pakinabang para sa:** mga NDIS provider, HR manager, supervisor, manggagawa at kalahok sa pagtukoy at pagpapalano ng mga pagkakataon o kakulangan sa pagsasanay.

Ang Gabay sa Pagsasanay para sa Kakayahan ay suportado ng iba pang mga mapagkukunan sa Framework, mga tool at gabay.

Ang mga mapagkukunan ay kapaki-pakinabang para sa mga kalahok ng NDIS, supervisor, provider at manggagawa at maaaring makatulong sa mga proseso ng feedback at pangangasiwa.

Maaari mong hanapin at i-download ang gabay sa anumang oras mula sa [website](#).





Sitwasyon: Pagtugon sa indibidwal na pangangailangan sa pag-unlad ng manggagawa

Si Michael ay gumagamit ng wheelchair at tumatanggap ng personal na suporta sa pangangalaga sa loob ng dalawang oras tuwing umaga, na kinabibilangan ng paliligo. Sa nakalipas na dalawang linggo, tumanggi si Michael na maligo at nagkaroon din siya ng impeksyon ng pressure wound. Sa simula, ang support worker ni Michael na si Fred ay hindi nagsabi nito kaninuman, iniisip niya na ito ay paggalang sa pagpapasya ni Michael. Nang ma-admit sa ospital si Michael para gamutin ang kanyang pressure wound, nagsabi si Fred sa supervisor niyang si Bess.

Ipinakita ni Bess kay Fred ang kakayahan sa Framework na 'Suportahan ako upang gumawa ng sarili kong pagpapasya', na nagpapaliwanag na ang pagsuporta sa mga kalahok upang magsapalaran ng gusto nila ay kailangang balansehin din sa pagpapanatiling ligtas sa kanila.

Tinalakay nila ang insidente at masaya si Fred na dumalo sa isang maikling kurso tungkol sa tungkulin ng pangangalaga (duty of care) at dignidad ng panganib. Alam ni Bess na ang pagbalanse nito nang tama kadalasan ay kumplikado at mas madalas siyang nakikipag-usap kay Fred para talakayin kung paano niya inilalapat ang kanyang natutunan. Iminungkahi niya na makipagkita sila kay Michael kapag na-discharge na siya upang alamin ang pinakamahusay na pagsuporta sa kanya upang maiwasang maulit ang ganitong uri ng sitwasyon, dahil ang kalalabasan ay maaaring maging mas malubha. Hinihikayat din niya si Fred na ibahagi ang kanyang karanasan sa team meeting kung paano babalansehin ang positibong pagsasapalaran sa mga responsibilidad ng organisasyon para sa pamamahala ng panganib.

Pag-access at paggamit ng mga mapagkukunan

Ang [Gabay sa Pagsasanay para sa Kakayahan](#) ay pinakamainam na i-download sa iyong computer para ma-access mo ito sa anumang oras.

Pag-access sa mga mapagkukunan: [Pagsasanay para sa Kakayahan - Panimula](#) | [Kakayahan ng mga Manggagawa ng NDIS \(ndiscommission.gov.au\)](#)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Framework o sa pagpapatupad nito, bisitahin ang website sa: <https://workforcecapability.ndiscommission.gov.au/>

Makipag-ugnay sa: workforcecapability@ndiscommission.gov.au o sa 1800 035 554.

